



## Hawaii State Department of Health

### Disease Investigation Branch

Oahu 586-4586, Maui 984-8213, Hilo 933-0912,

Kona 322-4877, Kauai 241-3563

## Carbapenem Resistant Enterobacteriaceae (CRE)

### Ano ang CRE?

Ang Carbapenem-resistant *Enterobacteriaceae* o CRE, ay pamilya ng mga germs na mahirap gamutin dahil matataas ang antas ng paglaban ng mga ito sa maraming antibiotic. Ilang halimbawa ng *Enterobacteriaceae* ay ang *Escherichia coli* (*E. coli*), *Enterobacter* na species at *Klebsiella* na species, na karaniwang matatagpuan sa normal na bituka ng tao (gut). Minsan ay kumakalat ang bakteryang ito sa labas ng gut at nagiging sanhi ng mga seryosong impeksyon tulad ng pulmonya, impeksyon sa daanan ng dugo, impeksyon sa daanan ng ihi, at impeksyon sa sugat. Ang CRE ay mga *Enterobacteriaceae* na nakalikha ng paglaban sa isang pangkat ng mga antibiotic na tinatawag na “carbapenems,” na madalas na ginagamit bilang panghuling gamot kapag hindi na epektibo ang iba pang antibiotic.

### Paano ka nagkakaroon nito?

Para magkaroon ng impeksyon na CRE, ang isang tao ay kailangang malantad sa bakterya na CRE. Ang bakterya na CRE ay malimit na kumakalat sa mga tao sa mga lugar ng pangangalaga ng kalusugan sa pamamagitan ng kontak sa mga tao na may impeksyon o mayroon nito, partikular na ang kontak sa mga sugat o dumi. Ang CRE ay maaaring magdulot ng mga impeksyon kapag pumasok sa katawan, malimit ay sa pamamagitan ng mga medikal na kagamitan tulad ng mga kateter na ipinapasok sa ugat, mga ipinapasok sa daanan ng ihi, o sa pamamagitan ng mga sugat na bunga ng pagbiyak o pag-oopera. Hindi karaniwang nagkakaroon ng CRE ang mga malulusog na tao, mas naapektuhan nito ang mga pasyente na kompromiso na o humina na ang mga sistemang immune o may mga tubong nakapasok sa katawan nila.

### Anu-ano ang mga sintomas ng CRE?

Ang mga impeksyon na CRE ay nagiging sanhi ng mga katulad na impeksyon na makukuha mo sa anumang impeksyon bunga ng bakterya kabilang ang lagnat, pamumula, pamamaga, o pananakit sa isang partikular na bahagi kung ang sugat ay may impeksyon. Nakadepende ang mga partikular na sintomas sa lugar ng impeksyon; iba ang impeksyon sa daanan ng ihi na may ibang sintomas sa pulmonya o sa impeksyon sa daanan ng dugo, bagaman’t ang CRE ay maaaring maging sanhi ng bawat uri ng mga impeksyong ito.

### Kailan nagsisimula ang impeksyon?

Ang ilang tao ay maaaring magkaroon ng CRE (ibig sabihin, magkaroon nito sa kanilang katawan) at hindi maiimpeksyon. Para doon sa naiimpeksyon, ang pagkakaroon ng impeksyon ay nagbabagu-bago sa bilang ng araw hanggang taon pagkatapos na malantad.

### Ano ang paggamot sa CRE?

Kung ang isang tao ay mayroon lamang sa halip na impektado ng CRE, maaaring hindi na nila kailanganin ang paggamot. Kung mayroon silang CRE na impeksyon, ang mga antibiotic na laban dito ay limitado kahit na maaaring may ibang pagpipilian. Ang mga pasya sa paggamot ay dapat na gawin depende sa kaso ayon sa tagapaglaan ng inyong pangangalaga sa kalusugan.

### Paano mo maiiwasan ang pagkakaroon nito?

- Sabihin sa inyong doktor kung naospital kayo sa ibang pasilidad ng pangangalaga ng kalusugan o sa ibang bansa.
- Gamitin ang mga antibiotic ayon sa reseta.
- Asahan na lahat ng doktor, nars at iba pang mga tagapaglaan ng pangangalaga sa

- kalusugan ay maghuhugas ng kanilang kamay gamit ang sabon at tubig o pampahid na may alkohol bago at pagkatapos hawakan ang inyong katawan o ang tubo na ipapasok sa inyong katawan. Kung hindi nila ito gagawin, sabihin sa kanilang gawin ito.
- Linisin ang sarili ninyong kamay, palagi, lalong lalo na:
  - Bago maghanda at kumain ng pagkain
  - Bago at pagkatapos magpalit ng gasa o ng mga benda
  - Pagkatapos gumamit ng palikuran
  - pagkatapos suminga, umubo, o humatsing
- Magtanong ng maraming tanong. Unawain kung ano ang ginagawa sa iyo at ang mga panganib at pakinabang.

Para sa mas marami pang impormasyon tingnan ang website ng CDC sa

<https://www.cdc.gov/hai/organisms/cre/index.html>